# Sistema

## The Radioactive Sago Project

Bagong sistema o baka sinistema
O teka muna, sino ba ngayon ang umeeksena?
'Di ko maintindihan ano ba ang nagbago
Meron ba? Sumisikip ang mundo sa mga taong gutom, uhaw, ligaw
Hanggang ngayon ang katarungan isinisigaw.
'Di ko na makayanan baka bigla na akong sumabog
Mga animal, ako ngayon ang mambubulabog
Sayaw ng gago, sakit ng ulo. Bakit hindi na tayo natututo?

Sa bagong sistema (sa bagong sistema)
Wala ring pag-asa (wala ring pag-asa)
Sa bagong sistema (sa bagong sistema)
Wala ring pag-asa (wala ring pag-asa)
Sayaw ng gago, sakit ng ulo. Bakit hindi na tayo natututo?

Nakakulong sa rehas, wala ritong parehas
Para kang tinabunan ng basura sa Payatas
Sino ba, sino ba ang kakampi?
Wala!
Kung dito ka lumaki dito ka na rin mamamatay
Kasama ng mga uod, ililibing ka ng buhay
Wala nang mangyayari, wala nang magbabago
Kung ang nagpapatakbo, puro gago!
Silang mga nabihisan ng ginto pero bulok
Mga nagmamalinis, mga ulol!
Mga nakaupo dapat lang itaob
Sakim! dapat sa'yo sinusunog
Sayaw ng gago, sakit ng ulo. Bakit hindi na tayo natututo?

Sa bagong sistema (sa bagong sistema)
Wala ring pag-asa (wala ring pag-asa)
Sa bagong sistema (sa bagong sistema)
Wala ring pag-asa (wala ring pag-asa)
Sayaw ng gago, sakit ng ulo. Bakit hindi na tayo natututo?

Sa bagong sistema (sa bagong sistema)
Wala ring pag-asa (wala ring pag-asa)
Sa bagong sistema (sa bagong sistema)

Wala ring pag-asa (wala ring pag-asa)

Sa bagong sistema (sa bagong sistema)
Wala ring pag-asa (wala ring pag-asa)
Sa bagong sistema (sa bagong sistema)
Wala ring pag-asa (wala ring pag-asa)

Lyrics Submitted by ProZein

Lyrics provided by
https://damnlyrics.com/